




THE UNIVERSITY OF
MELBOURNE

NOSSAL
INSTITUTE

GLOBAL HEALTH
RESEARCH AND
PRACTICE



Instrumento na Pangtulong para
Matantiya ang Humanitarian na
Pangangailangan ng mga may
Kapansanan (Humanitarian
Disability Needs Estimation
Screening Tool, HD-NEST)
Isang maikling gabay sa pagsasanay

Talaan ng mga Nilalaman

Ipinakilala ang HD-NEST	3
Ano ang HD-NEST?	3
Anong problema ang nais soluyunan ng HD-NEST?	3
Paano binuo ang HD-NEST?	4
Paano pinili ang mga tanong ng HD-NEST?	4
Mga tanong ng HD-NEST	5
Set ng tanong ng HD-NEST	5
HD-NEST na isang tanong ang gamit	6
Gamit ang kategorya ng suporta	6

Ang proyektong Humanitarian Disability Needs Estimation Screening Tool (HD-NEST) ay pinondohan at sinuportahan ng Pondo Para sa Makabagong Solusyon sa Humanitarian (Humanitarian Innovation Fund, HIF) na programa ng Elrha, isang pasilidad na nagbibigay ng grant upang mapagbuti ang resulta para sa mga taong apektado ng krisis na pang-humanitarian sa pamamagitan ng pagtukoy, pagpapayaman at pagbabahagi ng mas epektibo, inobatibo, at mga solusyong naaangkop na magamit ng iba pa.

Ang programa ng Pondo Para sa Makabagong Solusyon sa Humanitarian (Humanitarian Innovation Fund, HIF) ng Elrha ay espesipikong pinopondohan ng UK Foreign, Commonwealth and Development Office (FCDO), Ministry of Foreign Affairs (MFA) ng Netherlands, Swedish International Development Cooperation Agency (Sida), at ng Norwegian Ministry of Foreign Affairs.

Ang Elrha ay isang pandaigdig na kawanggawa na naghahanap ng mga solusyon sa mga komplikadong problemang pang-humanitarian sa pamamagitan ng pananaliksik at inobasyon. Bisitahin ang www.elrha.org para malaman ang higit pa.

Ipinakikilala ang HD-NEST

Ano ang HD-NEST?

Ang instrumentong Humanitarian Disability Needs Estimation Screening Tool (HD-NEST) ay binubuo ng **tatlong tanong para mabilis na matukoy ang karamihan ng mga taong may kapansanan sa populasyon na naapektuhan ng kalamidad.**

Dinisenyo ang HD-NEST para gamitin sa ‘rapid assessment’ pagkatapos ng isang kalamidad. Idinisenyo ang HD-NEST bilang tugon sa limitasyon na kinakaharap ng mga humanitarian actors para agarang makatugon sa lalong madaling panahon.

Makakatulong ang HD-NEST sa mga humanitarian responder na:

- Matukoy ang bilang ng mga taong may kapansanan na naapektuhan
- Matantiya ang suportang kailangan ng mga naapektuhang tao na may kapansanan

Ang unang bahagi ng gabay na ito ay nagpapakita ng proseso ng pagdebelop ng instrumentong ito. Ang ikalawang bahagi ay ipapakita ang mga tanong sa HD-NEST.

Ang HD-NEST ay idinisenyo para gamitin sa ‘rapid assessment’ para sa maaga o agarang pagtugon sa biktima ng kalamidad. Ang HD-NEST ay hindi nilalayong palitan ang kahalagahan ng komprehensibong pagkolekta ng datos sa kapansanan. Sa halip, dapat ituring ang HD-NEST bilang bahagi ng buong proseso ng tuloy-tuloy na pagpapahusay sa pagkolekta ng datos sa kapansanan habang tumutugon at tinutulungan sila na makabangon mula sa kalamidad.

Anong problema ang nais soluyunan ng HD-NEST?

1. Pagkatapos ng isang kalamidad, ang ‘rapid assessment’ ay kadalasang ginagawa na **katuwang ang ibang organisasyon**. Ang ‘assessment’ ay binubuo ng mga pinagsama-samang tanong mula sa iba’t-ibang ahensya (humanitarian clusters o working groups). Dahil dito, hindi na praktikal ang magdagdag pa ng maraming katanungan.
2. Ang isang **direktang tanong**, halimbawa, ‘May kapansanan ka ba?’ ay maaring gawing alternatibo. Pero ang direktang tanong na gaya nito ay hindi kayang makuha ang tamang bilang ng mga taong may kapansanan dahil sa estigma. Hindi rin matutukoy ng isang direktang tanong ang mga taong maaaring kailangan ng suporta pero hindi itinuturing ang kanilang sarili na may kapansanan, halimbawa, isang nakatatanda na limitado ang paggalaw.
3. Kung malalaman kaagad ng mga humanitarian actors ang suporta na kailangan ng mga tao, mas mapapagbuti at mapapadali ang paghahatid ng interbensyon, mai-angkop ang interbensyon at mas mahusay na matukoy ang mga taong may kapansanan na apektado ng krisis para maipaabot ang tulong sa kanila. Ang mga kasalukuyang instrumento na maaaring gamitin ng mga humanitarian actors para makakuha ng datos sa kapansanan ng ay nakapokus sa pagtukoy ng mga indibidwal at hindi sa mga pangangailangan. Halimbawa, kapag ang **Washington Group Short Set of Questions on Functioning** ay daragdagan ng mga tanong tungkol sa kinakailangangsuporta ng mga may kapansanan, mas lalawak ang pagkaunawa sa kanilang sitwasyon, pero kadalasan, hindi ito nakikitang praktikal na gawin sa panahong kailangang isagawa ang pinagsamang instrumento para alamin kung ano ang pangangailangan.
4. Dahil kailangang mabilis na malaman ang epekto at mga pangangailangan ng mga tao sa panahon ng emerhensiya, kadalasan ang datos ay kinukuha mula sa impormantesa halip na direktang alamin mula sa indibidwal o sa sambahayan. Itong mga ‘proxies’ ay maaaring pinuno ng nayon o kinatawan ng komunidad. Ang HD-NEST ay ginamit sa mga proxies at sa mga indibidwal para mag-self-report.

Dinisenyo ang HD-NEST para sa isang espesipikong sitwasyon. Ang HD-NEST ay hindi isang instrumento para suriin ang problema. Hindi rin ito idinisenyo para magbigay ng buong detalye ng suporta na kailangan ng mga tao, gaya halimbawa nang sino ba ang taong inaasahan ng isang indibidwal na natukoy, ang assistive device na ginagamit, at klase ng komunikasyon na kinakailangan. Ang HD-NEST ay hindi instrumento para alamin ang bilang ng may kapansanan sa isang populasyon.

Ipinakikilala ang HD-NEST

Paano binuo ang HD-NEST?

Ang mga tanong sa HD-NEST ay na-develop at tinesting sa Indonesia at sa Pilipinas. Pagkatapos ng scoping review ng iba't-ibang **instrumento sa pagkolekta ng datos sa mga may kapansanan**, sinundan ito ng mga konsultasyon sa mga humanitarian actors at sa mga taong may iba't-ibang uri ng kapansanan para alamin kung anong klase ng suporta ang dapat ipreyoridad.

Anim na katanungan ang nabuo mula sa natukoy na limang kategorya ng suporta, kabilang dito ang isang tanong na pinagsama ang mga kategorya ng suporta. Habang isinasagawa ang field testing, nahirapan ang mga sumasagot na maunawaan at maalala ang tanong na may pinagsamang kategorya ng suporta. Batay dito, hindi namin inirerekomenda na pagsamahin ang mga kategorya ng suporta sa iisang tanong.

Isinalin ang mga tanong sa Wikang Indonesian at Filipino sa pamamagitan ng **team translation**. Pagkatapos, tinesting at inayos pa ang mga tanong sa tulong ng mga indibidwal at mas maliit na grupo na may parehong wika para tiyakin na ang mga tanong ay naintindihan ayon sa layunin.

Ang field testing ng anim na tanong ay isinagawa sa isang rural na lugar sa Indonesia at sa dalawang urban na lugar sa Pilipinas. Ang parehong lugar ay mayroong mataas na posibilidad na magkaroon ng likas na panganib, kabilang ang lindol, pagputok ng bulkan, bagyo, at pagbaha.

Tinesting ang anim na tanong sa 61 na kinatawan ng nayon, 218 pinuno ng sambahayan, at 247 indibidwal. Kabilang ang mga taong may kapansanan sa lahat ng grupo na nagkolekta ng datos.

Paano pinili ang mga tanong ng HD-NEST?

Ang pinal na tanong ng HD-NEST ay nagtatanong kung ilang tao ang nangangailangan ng suporta sa tatlong kategorya (o bahagi o domain). Kinakategorya nito kung ang isang tao ay:

- **Umaasa sa ibang tao** para gawin ang pang-araw-araw na aktibidad. Halimbawa, isang personal assistant o kapamilya.
- Gumagamit ng **assistive device**. Halimbawa, wheelchairs, hearing aids, tungkod/baston, magnifiers, o communication boards.
- Kailangan ng **impormasyon sa alternatibong pormat**. Halimbawa, sign language, text to speech, easy-to-read, for consistency, **either use large print or malalaking imprenta**.

Noong isinagawa ang field testing ng HD-NEST, isinama rin ang Washington Group Short Set of questions. Ang piniling pinal na tanong ng HD-NEST ay batay sa paghahambing ng resulta nito sa Short Set. Tingnan ang mga sumusunod:

- Kapag sama-samang ginamit ang tatlong tanong, matutukoy nito ang karamihan sa mga tao na natutukoy rin ng Washington Group Short Set na sumagot gamit ang pamantayan na 'medyo hirap' at 'talagang hirap'.¹
- Bawat isang tanong ay natukoy ng tama ang mga taong may tunay na pangangailangan ng suporta. Ang mga tanong na ito ay mayroong pinaka-kaunting 'false positives at false negatives. Ibig sabihin, kaunti lamang ang mga taong napasama sa bilang ng mga natukoy na kailangan ng suporta o hindi kailangan ng suporta.
- Ang bawat isa sa tatlong tanong na ito ay nauunawaan. Walang naging problema sa konsepto para sa iba't ibang mga respondent.

¹ Mahigit sa 80% ng mga tao na nakitang kailangan ng suporta sa pamamagitan ng pinagsamang tatlong tanong sa mga bansang iyon, ay natukoy ding may kapansanan gamit ang mga tanong ng Washington Group Short Set na may pamantayang 'medyo mahirap' at 'napakahirap.'

Mga tanong ng HD-NEST

Set ng tanong ng HD-NEST

Sa umpisa matapos ang isang kalamidad, ang rapid assessment ay kadalasang itinatanong sa mga pangunahing tagapagbigay ng impormasyon (o mga kinatawan) na sumasagot para sa ibang tao sa kanilang komunidad o sambayanan. Ang mga tanong sa HD-NEST na nakalista sa ibaba ay sumasalamain sa ganitong sitwasyon.

Hindi standalone na instrumento ang HD-NEST. Dinisenyo ang mga tanong ng HD-NEST para pwedeng maisama sa iba pang instrumento na kumukolekta ng datos na kailangan sa pagsusuri.

Ang mga sumusunod ay ang mga inirerekomendang tanong na gagamitin sa mga kinatawan ng komunidad o nang katulad nito.

Set ng tanong ng HD-NEST

1. Sa inyong [komunidad / sambayanan], **mayroon bang kinakailangang maasistihan** para sa pang-araw-araw niyang aktibidad sa loob man o sa labas ng bahay?
[Kung mayroon, ilan?]
2. Sa inyong [komunidad / sambayanan], mayroon bang gumagamit ng **assistive device/s at technology** gaya ng tungkod, wheelchair, hearing aids para sa pang-araw-araw niyang aktibidad sa loob man o sa labas ng bahay?
[Kung mayroon, ilan?]
3. Sa inyong [komunidad / sambayanan], mayroon bang nangangailangan ng **impormasyon na naka-sign language, easy-to-read, large print, o iba pang pormat** [para makakuha ng ayuda]?
[Kung OO, ilan?]

Puwedeng itanong ang HD-NEST sa mga indibidwal (o caregiver kung kailangan) kung babaguhin ang unang bahagi ng tanong gaya ng makikita sa ibaba.

Hangga't maaari, mas mainam na itanong ang HD-NEST nang direkta sa mga apektadong indibidwal.

HD-NEST para sa pag-uulat ng sarili nilang pangangailangan sa suporta

1. Inaasistihan ka ba [ba siya / ba si <pangalan>] para gumawa ng pang-araw-araw na aktibidad sa loob man o sa labas ng bahay?
 - a. Oo
 - b. Hindi
 - c. Tumangging sagutan [o walang sagot]
2. Gumagamit ka ba [ba siya / ba si <pangalan>] ng assistive device/s at technology gaya ng tungkod, wheelchair, hearing aids para maisaga ang iyong pang-araw-araw na aktibidad sa loob man o sa labas ng bahay?
 - a. Oo
 - b. Hindi
 - c. Tumangging sagutan [o walang sagot]
3. Para makakuha ka [siya / si <pangalan>] ng ayuda, ang impormasyon ba ay kailangang naka-sign language, easy-to-read, large print, o iba pang pormat.?
 - a. Oo
 - b. Hindi
 - c. Tumangging sagutan [o walang sagot]

Mga tanong ng HD-NEST

HD-NEST na isang tanong ang gamit

Habang sinusubukan ang mga potensyal na tanong ng HD-NEST sa Indonesia at Pilipinas, may isang tanong na pwedeng makatukoy ng karamihan ng tao na nangangailangan ng suporta². Subalit ang isang tanong na ito ay hindi maibibigay ang espesipikong impormasyon kung anong pangangailangan ito. Halibawa, maaaring kabilang dito ang mga tao na nahihirapan sa paggalaw o komunikasyon kung saan ay may magka-ibang suportang kailangan.

Kahit na HINDI namin inirerekomenda ang pamamaraang ito, naiintindihan namin na maaaring may mga sitwasyon sa humanitarian na may matinding limitasyon sa kanilang operasyon kung kaya't isang tanong lang ang pwedeng gamitin.

Ang HD-NEST na may isang tanong ay dapat LAMANG gamitin sa mga sitwasyon kung saan hindi maaaring isama ang HD-NEST na may tatlong tanong. Mapapansin na ang HD-NEST na may isang tanong ay naiiba kumpara sa ibang tanong na nasa HD-NEST. Sa HD-NEST na may isang tanong, direktang itinatanong kung gaano karami ang tao.

HD-NEST na may iisang tanong

Sa inyong lugar, ilang tao ang walang kakayanang kumuha ng ayuda na mag-isa lamang?

Gamit ang kategorya ng suporta

Sa mga rapid assessment forms, ang impormasyon para matukoy kung may kapansanan ang isang tao o wala ay maaaring isama sa pangkalahatang demograpikong datos na matatagpuan sa unahang bahagi ng form. Maaaring isama rito ang mga tanong ng HD-NEST o sa iba pang seksyon depende sa disenyo ng assessment form.

Minsan, ang sagot lamang sa demograpikong datos ang kinukuha, hindi na sinasamahan pa ng tanong.

Halimbawa:

Kasarian:

- | | |
|--------------|--------------------------|
| Lalaki | ☐ |
| Babae | ☐ |
| Non-binary | ☐ |
| Ayaw sabihin | ☐ |

O halimbawa:

Kapansanan:

- | | |
|--------------|--------------------------|
| Oo | ☐ |
| Hindi | ☐ |
| Ayaw sabihin | ☐ |

Hindi namin inirerekomenda ang pamamaraang ito para sa pangangalap ng datos tungkol sa kapansanan dahil ang mga tagakolekta ng datos ay nagtatanong na hindi naaayon sa standard na (direktang) pagtatanong. Maaari itong magdulot ng maling bilang at hindi siguradong impormasyon.

Kung napagpasyahan na ganito ang disenyo ng assessment form, maaaring gamitin ang mas maikling HD-NEST na kategorya ng suporta lamang ang gamit. HINDI namin inirerekomenda ang pamamaraang ito dahil mas maraming limitasyon kaysa sa pakinabang kumpara sa kumpletong HD-NEST na mga tanong. Gayunpaman, nauunawaan namin na maaaring may mga sitwasyon sa humanitarian kung saan kailangang isaalang-alang ang opsyong ito.

Mga kategoryang pansuporta lang ng HD-NEST

[Ilan sa inyong komunidad/sambahayan:]

1. ang kinakailangang maasistihan [para gawin ang pang-araw-araw na aktibidad]
2. ang gumagamit ng assistive device/s at technology
3. ang nangangailangan ng impormasyon sa alternatibong pormat [hal., large print, sign language, easy-to-read]

2 Mahigit 80% ng mga tao na nagsabing hindi nila kayang kunin ang mga relief item nang mag-isa ay nag-ulat din na kailangan nila ng suporta sa iba pang mga kategorya sa mga bansang iton.





Ang Nossal Institute para sa Global Health

Binuo ang HD-NEST ng [Nossal Institute for Global Health](#), University of Melbourne sa pakikipagtulungan ng [Arbeiter-Samariter Bund](#) at [Life Haven Centre for Independent Living](#) na sinuportahan ng [Humanitarian Innovation Fund](#) ng Elrha.

Kung gusto mo pa ng karagdagang impormasyon sa paggamit ng HD-NEST, pakikontak si/ang:

Alex Robinson: alex.robinson@unimelb.edu.au

Manjula Marella: marella.m@unimelb.edu.au

Nossal Institute: ni-info@unimelb.edu.au

Mr Abner Manlapaz, Life Haven Center for Independent Living:
abner.manlapaz@gmail.com

Kung gimamit mo ang HD-NEST sa kaugnay ng iyong trabaho, nais naming marinig ang iyong karanasan sa paggamit nito.